


Mga bagay na kailangan mong malaman:

Kinakailangan ng programang SOMAH na tumanggap ang mga nangungupahan ng hindi bababa sa 51% ng mga solar na kredit mula sa bawat proyektong SOMAH. Gagamitin ang Virtual Net Energy Metering (VNEM) upang direktang ilapat ang mga solar na kredit sa iyong kuwenta ng utility. Ang VNEM ay isang proseso ng pagkuwenta na nagbibigay-daan sa iisang solar panel na sistema na hatiin ang mga kredit sa kuwenta sa maramihang sambahayan ng nangungupahan at lugar para sa publiko.



Sinusubaybayan ng VNEM na

- 1 Ang kuryente na ginagawa ng mga solar panel sa iyong gusali
- 2 Ang kuryente ay pinapadala sa grid ng kuryente at sinusukat ng isang metro ng solar
Ang grid ng kuryente ay ang network na pinapatakbo ng iyong kumpanya ng utility na naghahatid ng kuryente sa mga tahanan, negosyo at iba pang mga gumagamit.
- 3 Ang kuryente na ginagamit ng iyong sambahayan ay sinusukat ng iyong metro ng kuryente
- 4 Idadagdag ng iyong kumpanya ng utility ang mga solar na kredit na inilaan sa iyong sambahayan, na magbabawas sa iyong buwanang kuwenta buwanang kuwenta

Mga tanong tungkol sa SOMAH?

☎ Hotline ng Nangungupahan: 800-843-9728

Ano ang dapat mong malaman tungkol sa iyong bagong kuwenta ng utility


Mahalagang maunawaan kung paano makakaapekto ang pagkakaroon ng solar na enerhiya sa iyong gusali sa iyong kuwenta ng enerhiya. Magkakaroon ng mga pagbabago sa parehong hitsura ng iyong kuwenta at sa paraan ng pagkakalkula nito.

Ano ang iba't ibang uri ng istruktura ng halaga ng utility?

Depende sa iyong kumpanya ng utility, kakalkulahin ang iyong kuwenta batay sa isa sa dalawang magkaibang istruktura ng halaga: pamantayan at oras-ng-paggamit (time-of-use, TOU). You will have the option to choose which plan works best for you and your household.


Pamantayan na Halaga

Kinakalkula ang iyong kuwenta sa pamamagitan ng magkakaibang baitang o antas. Ang bawat baitang ay mayroong partikular na bilang ng mga yunit ng kuryente (kilowatt-hours o kWh) na maaari mong gamitin. Kapag ginamit mo ang lahat ng yunit ng kuryente sa isang baitang, nakahanay ka sa susunod na baitang. Kapag umangat ka mula sa isang baitang patungo sa isang mas mataas na baitang mas mataas ang babayaran mo. Karaniwang may dalawa hanggang apat na baitang sa iyong kuwenta ng utility.



Oras-ng-paggamit (Time-of-use, TOU)

Ang oras-ng-paggamit ay nag-aalok ng magkakaibang halaga sa magkakaibang oras. Ibig sabihin ay mag-iiba ang halaga ng bawat yunit ng kuryente (kilowatt-hour o kWh) batay sa oras ng araw na ginamit o kinunsumo ito. ng mga halaga ng TOU ay may mga oras nasa-tuktok at mga oras na wala-sa-tuktok, at ang mga halaga ng kuryente ay mas mataas sa mga oras nasa tuktok.



TOU at SOMAH

Sa sandaling maikabit at gumagana ang mga solar panel, maaari kang ilipat ng iyong kumpanya ng utility sa halaga ng TOU. Kung gusto mo, maaari mong gamitin ang isang pamantayan na halaga na plano sa halip. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga halaga ng TOU at mga pamantayan na halaga na iniaalok ng iyong kumpanya ng utility, tawagan ang SCE sa 800-655-4555.

Mga tanong tungkol sa SOMAH?

☎ Hotline ng Nangungupahan: 800-843-9728

[CalSOMAH.org/tenants](https://calsomah.org/tenants)

✉ contact@calsomah.org

Ang SOMAH ay pinangangasiwaan ng SOMAH Program Administration Team sa ilalim ng tnagkilik ng California Public Utilities Commission (CPUC). © 2018 California Public Utilities Commission. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

